# Chapter One

"Hey!"

Di-sinasadyang matabig ni Julia ang lalaking nakaharang sa dinaraanan niya. Tumatakbo na siya papunta sa kanyang klase dahil late na siya. Kinailangan pa niyang ipagluto ng almusal ang kanyang madrasta at mga kapatid. Naghugas pa siya ng pinggan pagkatapos at naglinis ng bahay bago siya nakapag-ayos ng sarili niya.

Naglalakad lamang siya mula bahay nila papuntang eskuwelahan kaya di na talaga siya umabot pa sa school bell. At nagmamadali na nga siya ay may natabig pa siya!

"Sorry!" aniya sa lalaki.

Wala na siyang oras para huminto at hintayin ang reaksyon nito. Kailangan na niyang makarating sa classroom niya dahil nakakailang warning na siya sa adviser niya. Napasimangot siya pagdating sa classroom. Sarado ito! Kumatok siya nang mahina sa pinto, ngunit di siya pinagbuksan ng adviser niya. *Lagot na!*

"Nagmadali ka pa. Hindi mo ba narinig ang announcement kahapon na latecomers will stay outside the classroom for one whole period?"

Nagulat siya sa taong nagsalita sa likuran niya. Si Marvin Zabala, ang school heartthrob na kaklase niya simula pa freshman high school. Ito rin marahil ang natabig niya kanina. Silang dalawa lang ang nasa hallway ng high school department. Napabuntung-hininga siya. Lagot na! Siguradong abut-abot ang pagalit sa kanya ng adviser nila mamaya.

"Pasensya ka na kanina, ha," hingi niya ng paumanhin. "Nagmamadali talaga ako dahil baka ma-suspend na ako nito sa halos araw-araw na pagiging late ko."

Nagkibit-balikat lamang ang lalaki. "Hindi ka nila isu-suspend kasi matalino ka naman, Julia.

You excel in class. They will probably just warn you again," anito sa bored na tinig.

Nagulat siya sa narinig dito. Kilala siya ng heartthrob na si Marvin! Hindi niya alam na aware ito sa existence niya. Siya, si Julia Ynes, na isang 'minority' sa eskuwela ay kilala ng sikat na campus guy. Akala nga niya kahit pangalan niya ay di nito alam. Nagkamali siya. Hindi niya malaman kung bakit ganoon na lang ang dala nitong saya sa kanya.

Umupo ito sa gilid ng classroom wall. Ginaya niya ito. Dalawang oras ang first period nila. Late siya ng twenty minutes. Mahaba pa ang hihintayin nila pareho bago makapasok ng classroom. Inilabas ni Julia ang notebook at textbook niya. Balak niyang mag-catch up sa lessons nila. Magtatanong na lang siya sa adviser niya mamaya kung ano ang na-miss pa niya. Kailangan niyang ma-maintain ang grades niya dahil scholar lamang siya ng eskuwelahan nila. May grades siyang dapat abutin at i-maintain.

"Sobrang studious mo pala talaga."

Napatingin si Julia sa katabi. Muntik na niyang malimot na may kasama siya.

"Kailangan, eh," aniya. "Kung hindi ako

magsisipag mag-aral, mawawala ang scholarship ko at di ako makakatapos."

Tumango ito at tiningnan ang notebook niyang luma na. Ito pa ang notebook niya noong nakaraang taon at tinahi na lang niya ang mga natirang malinis para maging maayos pa.

"Hindi ba may-kaya ang pamilya mo? I heard from others na businessman ang tatay mo. Tama ba?" Tiningnan ni Marvin ang kabuuan niya na para bang doon pa lang ay malalaman na nito kung tama ba ang narinig o hindi.

Bahagya siyang nalungkot at nakaramdam ng pamilyar na awa sa sarili. Nahiya rin siya. Totoo na may-kaya ang pamilya niya. Ang papa niyang si George ay isa ngang businessman. Nagmamay-ari ito ng isang garments factory. Naipundar iyon ng kanyang mga magulang bago pa man siya ipagbuntis ng mama niya. Pinagtulungan ito ng mag-asawa para mapalaki at nagtagumpay naman sila. Nakakalungkot lang na hindi na ito nakita pang mas lalong lumago ng mama niya. Pumanaw ito sa sakit na cancer sampung taon na ang nakararaan.

Makalipas ang dalawang taon mula nang mamatay ang kanyang ina, nag-asawang muli

ang papa niya. Nakakilala ito ng isang single parent na katulad nito sa trade show. Ibinaling ng ama niya ang lungkot sa pagkamatay ng asawa sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan kay Rita hanggang sa yayain nitong magpakasal ang papa niya. Hindi ito tumanggi. Bigla na lamang itong umuwi sa bahay nila na kasama na si Rita at ang anak nitong si Sandra na mas matanda lamang sa kanya ng dalawang taon.

Noong una ay mabait sa kanya ang dalawa. Sobrang pasasalamat niya na may nanay na siya, may kapatid pa. Instant! Ngunit nang lumaon ay lumabas ang totoong kulay ng mag-ina. Malupit sila at ginawa siyang katulong. Si Julia ang gumagawa ng halos lahat ng gawain sa bahay. Tiniis niya noong una. Inisip niya na baka sanay lamang ang dalawa sa buhay na may nauutusan lagi. Nang maglaon, inisip niyang buntis ito sa kapatid niya kaya marahil hindi na kayang kumilos sa bahay. Ngunit nagkamali siya. Ang totoo ay hindi siya gusto ng kanyang madrasta. Ilang beses na nitong ipinamukha iyon sa kanya at kung pumayag nga lamang ang papa niya ay napalayas na siya sa bahay matagal na.

"Bakit hindi ka umalis na lang kung ganyan

ang trato sa 'yo sa bahay?"

Napatingin si Julia sa kausap. Hindi niya mawari kung bakit nasabi niya lahat dito. Wala siyang sinasabihan na kahit sino ng tungkol sa buhay niya. Tanging ang malapit niyang kaibigan na si Dessie ang nakakaalam ng totoo.

"Alam mo kung may mapupuntahan lang ako, magpapaalam talaga ako sa papa ko na aalis na lang ako. Pero wala kasi, eh," malungkot niyang tugon. "Nasa America ang mga relatives ko sa mother side. Ang relatives ko naman sa father side ay nasa Cagayan de Oro lahat. Saka lahat sila'y malapit sa madrasta ko't mga kapatid. Sigurado akong hindi nila ako kukupkupin kapag nalaman nilang galit sa akin ang madrasta ko."

Mataman lamang na nakatingin si Marvin sa kanya. Walang gaanong pagbabago sa ekspresyon ng mukha nito, ngunit ramdam niya ang simpatya nito sa kanya.

"You shouldn't be treated that way," anito sa galit na tinig. Nabigla siya. Galit na pala ito! "You were what? Eight, nine years old when your father remarried 'tapos hinayaan ka niyang maging minority sa bahay ninyo? Minamaltrato ka sa sarili mong bahay."

Na-touch naman siya sa reaksyon nito. Galit ito na naaapi siya. "Okay lang naman ako. May katulong pa rin kami, si Manang Sol. Siya ang dati kong yaya. Madalas na siya rin ang gumagawa ng ibang gawaing-bahay lalo na kapag kailangan kong mag-review."

"Kahit na. Mali pa rin na hindi ka pinrotektahan ng papa mo."

Nangilid ang luha ni Julia. Totoong hindi niya maintindihan kung bakit mas minahal pa ng papa niya ang kanyang madrasta at ang mga anak ng mga ito kaysa sa kanya na panganay na anak ng ama niya. Minsan ay naiisip niyang hindi siya nito mahal. Mas pinapaboran pa nito si Sandra na di nito tunay na kadugo kaysa sa kanya.

"Here," anito habang iniaabot ang puting panyo sa kanya. "Wipe your tears."

Nahihiyang tinanggap niya iyon. "Maraming salamat sa pakikinig. Ibabalik ko na lang sa 'yo itong panyo mo pag nalabhan ko na. Pasensya ka na rin at ikaw pa ang napaghingahan ko ng sama ng loob."

Tiningnan siya ng lalaki at nag-angat ng kilay. Sa tingin niya ay nakangiti ito sa kanya kahit na di siya sigurado dahil poker face lang ito.

"Keep it! Marami ako niyan sa bahay." Nagulat siya nang hawakan ni Marvin ang kamay niya. "Huwag mong itago ang sama ng loob mo. If you need someone to talk to, just come to me. I can lend you an ear, you know." Tumayo na ito at tinulungan siyang tumayo na rin. "By the way, call me 'Marvin' or better yet, 'Vin'," anito matapos haplusin nang masuyo ang kanyang mukha.

Pinisil niya nang marahan ang kamay nitong nakahawak sa kanya. "Julia."

"Jules. I know," anito, sabay pasok sa classroom nila. Tapos na ang first period at binuksan na pala ang pinto ng classroom nila.

Naiwan siya sa hallway na nakatingin sa papalayong lalaki. Ramdam pa niya ang paghaplos nito sa kanya.

"Hindi pa rin ako makapaniwala na naging magkaibigan na kayo, Jules," ani Dessie, ang pinakamalapit niyang kaibigan mula pa kindergarten siya. "Ang buong akala ko hindi ka niya kilala, 'yun pala bukod sa kilala ka niya, marami pa siyang alam tungkol sa 'yo. I wonder why," nanunudyo pa nitong turan.

Bahagya siyang natawa sa kaibigan. "Ang totoo niyan, Des, ako man ay hindi makapaniwala," pag-amin niya.

Wala sa sariling napasandal at napabuntung-hininga si Julia. Matamis ang ngiting sumilay sa kanyang mga labi nang maisip niya ang taong nagpapasaya sa kanya ngayon. Si Marvin. Tatlong buwan na simula nang una niya itong makausap sa hallway sa labas ng classroom nila noong unang beses niya itong makasabay na na-late.

Nalaman niyang kilala siya nito. Nalaman din niyang hindi totoong snob ang binata na tulad ng unang impresyon niya rito. Talagang hindi lang ito palangiti. Bihira itong tumawa unless totoong nakakatawa ang narinig nito. O kung sila lang dalawa ang magkasama. Pero hindi ito snob, at ang katunayan ay isa ito sa mga mabibilang sa isang kamay na mabait na nilalang na kilala niya. Magmula nang araw na iyon ay ilang beses pang nakasabay niya itong na-late. At magmula nang araw na iyon ay naging magkaibigan na sila.

Halos araw-araw pa rin siyang nale-late. Walang nagbabago sa kanya sa bahay. Siya pa rin ang nag-aasikaso sa kanyang madrasta at mga kapatid tuwing umaga. Kailangan pa rin

niyang maglinis matapos niyang asikasuhin ang mga ito. Kaya naman bago pa siya makapasok ay dis-oras na.

Ngunit sa hindi niya malamang dahilan, hindi na siya pinagsasaraduhan ng pinto ng adviser niya o ng iba pang mga teachers. Wala ring nababanggit tungkol sa kanyang tardiness. At ni wala na ring tsansa pa na ma-suspend siya. May duda siyang may kinalaman si Marvin dito. Nalaman niya kay Dessie na benefactor sa school ang mga magulang nito. Dahil sa pamilya nito kaya nakapagpatayo ang school nila ng bagong building. Ang sinabi pa ni Dessie ay matalik na kaibigan ng mama ni Marvin ang principal ng school nila.

Minsan ay tinanong niya ito kung may kinalaman ito sa pagto-tolerate ng mga teachers sa tardiness niya. Nagkibit-balikat lamang ito.

*"Forget it, Jules," anito sa bored na tinig. "Kahit pa late ka from now until graduation day, ikaw pa rin ang top of the class. Di dapat naaapektuhan ng pagiging late mo lamang ang grades mo. No suspension for you," dagdag pa nito. Tulad ng dati ay hinahaplos nito nang marahan ang mukha niya matapos siyang kausapin at saka aalis.*

Hindi ito mahilig ngumiti o tumawa. Hindi rin ito palasalita. Ngunit pagdating sa kanya ay nag-iiba ito kahit paano. Nagiging animated. Nagsasalita nang mas mahaba. Sinabi nitong best friends na kasi sila kaya ganoon ang pagtrato nito sa kanya.

"Uy, bru, nakangiti ka na naman diyan na parang timang!"

Naramdaman ni Julia ang pag-iinit ng kanyang mga pisngi. Kahit na miserable ang buhay niya sa bahay nila, napapangiti pa rin siya at sumasaya ang puso tuwing naiisip si Marvin, ang kanyang best friend.

"May naalala lang ako," palusot niya.

Nanunudyong tawa ang isinukli sa kanya ni Dessie. Mabuti na lang at nasa parke sila malapit sa bahay nito kaya walang makakarinig sa pinag-uusapan nila.

"Puwede ba, bru, huwag mo nga akong pagtaguan ng feelings mo para kay Marvin. Okay lang na magkagusto sa kanya dahil sino ba namang babae ang hindi mahuhulog sa tulad niya kung ganyan siya ka-sweet, 'no!"

Pilit niyang pinalis ang ngiti sa kanyang mga labi. "Hindi siya para sa akin, Des," aniya sa

malungkot na tinig. “Ako ang pinakahuli niyang magugustuhan, maniwala ka.”

Lumapit ang kaibigan sa kanya at pabiro siyang binatukan. “Hoy, Miss, sino ba ang nagsabi na magugustuhan ka niya kasi? Ang s’abi ko walang masama na magkagusto ka sa kanya. Gawin mo siyang inspirasyon! Gawin mo siyang escape from your miserable life! Walang masama roon, Jules. Now, kung magustuhan ka niya in the process of being close to him, icing on the cake na lang ’yun.”

Muli, napabuntung-hininga si Julia habang nakatingin sa malayo. “Tama ka, Des. Gagawin ko talaga siyang inspirasyon at escape. Hindi ko iisipin na magkakagusto siya sa ’kin dahil bukas ang mga mata kong nakipagkaibigan sa kanya. Malabong mangyari na ang isang Marvin Zabala ay magkagusto sa katulad ng isang Julia Ynes. Malinaw sa ’kin ’yun. Ang importante ay ang friendship namin. Nothing more than that.”

Niyakap siya ni Dessie nang makitang pumapatak ang luha niya. Ritwal na nilang magkaibigan ang tumambay sandali sa parke malapit sa bahay nito. Nagagawa niya iyon tuwing pagkatapos ng huling klase nila. Doon

sila didiretso at saka magkukuwentuhan ng kung anu-ano. Doon din sa parke na iyon ay madalas siyang naglalabas ng sama ng loob sa nangyayari sa buhay niya.

"Alam mo, Des, minsan iniisip ko paano kaya ang buhay ko kung kami lang ni Papa? Siguro prinsesa ako ng bahay namin. Dapat siguro marangya ang buhay ko dahil ako ang ginagastusan ng papa ko at hindi ibang tao. Pero dahil kay Tita Rita at Ate Sandra, imbes na maayos ang buhay ko, heto ako at alila nilang lahat. Wala naman akong ginawang kahit na anong masama, di ba, Des?" Tumango ito at lalo siyang niyakap nang mahigpit. "Bakit ganito? Bakit ako ang kawawa? Sobrang unfair naman! 'Tapos ang papa ko, parang hindi na ako kilala at mas mahal pa niya silang lahat kaysa sa akin."

Hindi na napigilan ni Julia ang paghagulgol. Sobrang sakit talaga ng kalooban niya sa mga tao sa buhay niya. Ang papa niya, ang Tita Rita niyang pangalawang asawa nito, ang Ate Sandra na stepsister niya, at maski na sa nakababatang kapatid na si Sally. Ang huli ay anim na taon pa lamang, ngunit nakukuha na ang ugali ng Ate Sandra nila na palautos at palasigaw. Kahit na

nakikita ito ng papa niya na binabato siya ng kung ano ang mahawakan ay nakangiti lamang ang ginoo. Hindi siya halos tinatapunan ng tingin ng kanyang ama. Inisip na lamang ni Julia na siguradong brainwashed na ito ng madrasta niya. Mahal pa rin naman siguro siya nito, ngunit ang bagong pamilya na ang mas mahal nito.

"Hayaan mo na lang, Jules," alo ng kaibigan niya. "Itutok mo na lang ang atensyon mo sa pag-aaral mo, kay Marvin, at ang goal mo na makaalis sa bahay ng papa mo. Balang araw, mapapagtanto rin ng papa mo na mali siya nang pinayagan niya ang bago niyang pamilya na ituring kang iba sa sarili mo pang pamamahay."

Pinahid niya ang luha at pinilit ikalma ang sarili matapos ang ilang minutong pag-iyak. Kailangan na niyang umuwi at maghahanda pa siya ng hapunan nila. May-sakit ang Manang Sol niya kaya siya ang nakatokang magluto at maglinis ng bahay.

Dali-dali siyang umuwi at hindi na nagulat nang datnan niyang nakaupo sa sala ng bahay ang madrasta niya at ang anak nito.

"Bilisan mong magluto at may darating na bisita!"

# Chapter Two

Daig pa niya ang tumakbo nang makailang ulit sa isang oval field sa dami ng pawis na tumulo na mula sa ulo niya, noo, leeg, kili-kili at kung saan-saan pang singit-singit ng katawan niya. Magdadalawang oras na siyang nagluluto para sa pamilya niya at sa darating na bisita ng papa niya.

"Hindi ka pa rin ba tapos diyan, Julia?"

Pinahid niya ng bimpo ang mukha saka humarap sa madrasta. "Tita Rita, tatlong putahe ang pinaluto mo sa akin. Pinagsaing mo pa ako at pinagawa ng salad. Hindi naman ho ako robot na magagawa ang lahat ng iyon sa loob lang ng dalawang oras."

Pinandilatan siya nito. "Nagrereklamo ka ba? 'Yan lang ang pinagawa sa 'yo may reklamo ka na agad! Makakarating sa papa mo 'yan!" bulyaw nito.

Napatingala siya at humugot ng pasensya at lakas para hindi sagutin ang kanyang madrasta. Kapag sinagot niya ito ay lalo lamang ito maiinis sa kanya at nakikinita na niyang gagawan siya nito ng kuwento sa papa niya na siya namang magpaparusa sa kanya.

"Hindi ho ako nagrereklamo, Tita. Sinasabi ko lang naman ho na time-consuming ang pagluluto lalo na mahirap pang mga putahe ang pinaluto ninyo."

"Marami ka pang sinasabi riyan! Tapusin mo na 'yan, dalian mo at ayusin mo ang dining room! Isasama raw ng bisita ng papa mo ang asawa't anak nito."

Napabuga na lang ng hangin si Julia at saka hinarap uli ang paghahalo ng niluluto. Gusto niyang maiyak. Nagsisimula pa lang ang gabi ay pagod na pagod na siya. Matapos ang dinner, maghuhugas pa siya ng mga pinggan, maglilinis ng dining area at kitchen. Kailangan din niyang magbabad ng labahin dahil hindi nagawa ni Manang Sol. Saka pa lamang siya makakagawa

ng assignments matapos ang lahat ng iyon. Hatinggabi na naman bago siya makatulog.

Nasa sala na ang mga bisita ng papa niya nang maihain niya ang mga niluto. Siniguro niyang maayos ang lahat bago sumilip sa sala upang senyasan ang madrasta na puwede nang pakainin ang mga bisita. Nakita niyang nakatalikod sa pinto ng dining area ang mga bisita samantalang ang madrasta niya ay nakaupo sa kaliwa ng kanyang ama, ang Ate Sandra niya ay nasa kanan nito, at ang bunso nilang si Sally ay nasa kandungan ni Tita Rita.

Hindi niya makita kung sino ang mga tao, pero mukhang mga bagong kakilala lamang ng papa niya ang mga ito dahil narinig niyang panay ang tanong ng madrasta niya tungkol sa negosyo at buhay ng mga ito. Nang lumingon ang teenager na lalaking kasama ng mga bisita ay nanlaki ang mga mata ni Julia.

Muntik na siyang himatayin nang mapagsino ang mga bisita ng papa niya... ang pamilya ni Marvin!

Tumingin ito sa kanya na nakataas ang isang kilay, mukhang amused. Nakaramdam siya ng pagkapahiya sa sarili. Nakita nitong pawis na pawis siya, magulo ang buhok at

parang kasambahay na nakasilip sa mga amo. Sinimangutan niya ito saka tumingin sa madrasta uli na nakamata sa kanya. Tumango siya rito na ang ibig sabihin ay okay na ang dinner nila, sabay tumalikod na. Dali-dali siyang lumabas sa dirty kitchen para gamitin ang banyo sa gilid ng bahay.

Inayos ni Julia ang sarili niya at nagpalit ng pantaas. Sigurado siyang uutusan pa siya ng madrasta at ayaw niyang humarap sa pamilya ni Marvin na mukhang marungis.

"Ano ba ang ginagawa mo riyan, ha? Kanina pa kita tinatawag, ang bagal-bagal mong kumilos!"

Nadatnan niya ang stepmother sa labas ng banyo, mukhang galit na naman sa kanya. *What's new?* anang isip niya. Wala pang tatlong minuto siyang nasa banyo animo'y isang oras na siyang naroon.

"Naglinis lang ako ng katawan, Tita. Pawis na pawis kasi ako."

"Bilisan mo na! Mag-serve ka ng drinks at gusto ni Sandra ng iced tea."

Inutusan niya ang sariling maging matatag, huminga nang malalim, at saka pumasok sa dining area nang makapagtimpla na ng iced tea sa isang pitsel. Hindi niya tiningnan si Marvin

kahit pa ramdam niyang sinusundan siya ng tingin nito.

"Jules..."

Pinigil niya ang sariling tumingin dito. Nagkunwari siyang walang narinig. Ngunit ang mama nito at ang madrasta niya ay narinig ang pagtawag nito sa kanya.

"You know her, hijo?"

"Classmate ko siya, Ma," anito. "She's top of the class, the one I'm telling you about."

"Hello po. Maiwan ko po muna kayo," magalang niyang bati at paalam sa ginang bago bumalik sa kusina. Wala siyang balak na marinig kung paano siya ipahiya ni Tita Rita sa mga bisita.

Umupo siya sa silya na naroon. Tumayo. Umupo uli. Hindi niya malaman kung sisilip ba uli dahil ang totoo ay gusto niyang marinig ang usapan sa komedor.

"Hindi ko alam na may anak ka pa pala, George," anang ama ni Marvin sa gulat na boses. "I thought Sandra and Sally are your only children."

Sumilip na si Julia, hindi na kinaya ang curiosity. "Hindi ko lang siguro nabanggit agad, Paul," anang papa niya sa awkward na tono. Alam niyang sadyang hindi siya binanggit nito para

hindi magalit ang madrasta niya. Nakaramdam uli ng kirot sa dibdib si Julia kahit pa inasahan na niya ang ganoon mula sa kanyang ama. "She's my daughter from my first marriage."

"*Still* your daughter, sir," ani Marvin, inis ito, obvious sa tinging ipinukol sa ama niya. "Isa siya sa mga pinakamasipag at pinakamatalinong estudyante sa school namin. Lahat ng teachers namin pati na kaming mga classmates at schoolmates niya ay sobrang bilib at proud sa kanya!"

Nangilid ang luha ni Julia sa narinig. Mabuti pa ang ibang tao may alam kung ano ang nangyayari sa buhay niya, ngunit ang sariling ama ay walang pakialam.

"Close ba kayo ni Julia?"

Tumango lamang si Marvin sa madrasta niya. Nakaramdam siya ng init sa kanyang puso para sa best friend niya. Hindi siya nito itinanggi.

"Sandra, our eldest, is an achiever, too. And she is a ballerina," pagmamalaki ng papa niya sa mga Zabala. Halatang iniba nito ang topic at inilayo sa kanya. "My youngest naman, Sally, is following in her ate's footsteps. Gusto rin maging ballerina."

"My girls are graceful dancers," dagdag na

pagmamalaki ni Rita.

Bumalik na sa kitchen si Julia at itinigil na ang pakikinig sa usapan sa komedor. Napaiyak siya sa naramdamang awa sa sarili. Ano ba ang nagawa niya at nawalan ng pagmamahal sa kanya ang papa niya? Matatanggap pa niyang hindi siya ipagmamalaki ng madrasta niya, ngunit ang kanyang ama ay para bang hindi na anak ang turing sa kanya. Ibang tao na siya para rito.

Iyak siya nang iyak. Hindi na niya namalayang nagpaalam ang mga Zabala. Nang mahimasmasan na siya ay nasa kusina na rin sina George at Rita.

"Julia, salamat sa dinner," nahihiyang sabi ng papa niya. Sigurado siyang napansin nitong galing siya sa pag-iyak.

"Puwede ka nang kumain," anang madrasta niya. "Marami pang natira sa loob, 'yun na ang kainin mo rito sa kusina. Ligpitin mo na muna ang nasa mesa. Huwag mong kalimutang maghugas ng pinggan. Ayokong ipagpapabukas mo pa iyan dahil aayusan mo pa sina Sandra at Sally bukas. May ballet event sila."

Tinungo na niya agad ang dining area, nagsimulang ligpitin ang mga pinagkanan. Nagulat siya nang magsalita ang papa niya sa

kanyang tabi.

"Malapit kayo sa isa't isa ng anak ni Paul Zabala?"

"Classmate ko po siya," tipid niyang tugon.

"Mayaman ang pamilyang iyon, alam mo ba? Kaya ko kinaibigan si Paul dahil gusto ko si Marvin para sa Ate Sandra mo." Tumingin siya rito. Hindi niya gusto ang tono ng pananalita nito. "I don't want you ruining your sister's chance with him, Julia. Gusto kong sila ang magkalapit nang husto."

Hindi siya kumibo. Itinuloy lang niya ang pagliligpit ng mga pinggan. Nagbabadya na namang bumagsak ang luha niya. Si Marvin na lang ang nagpapasaya sa kanya, aagawin pa ba ito ng ate niya?

"Gawin mo ang inuutos sa 'yo ng papa mo, Julia. Alam mong ayaw kong nagagalit sa 'yo ang papa mo," nakakalokong sabi sa kanya ni Tita Rita.

Iniwan na siya ng mga ito nang hindi pa rin siya kumibo. Inabot siya nang mahigit isang oras bago natapos sa paghuhugas ng mga pinaglutuan at pinagkainan. Masakit na ang mga kamay at likod niya. Nagmadali na siyang pumasok sa kuwarto niya. Sinubukan pa niyang mag-aral,

ngunit pagkaupo niya sa kama ay tumulo na ang luhang kanina pa niya pinipigilan.

Awang-awa si Julia sa sarili niya. Matagal na niyang sinabi sa sarili na walang mangyayari kung lagi na lang siyang iiyak, ngunit hindi pa rin niya mapigilang gawin iyon. Napakahirap nang nag-iisa. Kung kakampi lang sana niya si George, hindi siya magkakaganito. Brainwashed na ito ng madrasta niya at anak nito kaya wala na itong amor sa kanya. Napaka-unfair ng buhay niya!

"Mama, sana nandito ka pa," usal niya. Lalo siyang napahagulgol.

Nakatulugan na niya ang pag-iyak.

Third period na ang inabot niya kinabukasan. Napakaaga siyang ginising ng kanyang madrasta upang tulungan ang mga kapatid sa pag-aayos para sa ballet event ng mga ito. Nang matapos siya ay pumara pa siya ng taxi para sa dalawa. Umalis na kasi ang papa niya dahil may maaga itong meeting sa opisina.

Dumiretso siya sa likod ng classroom. Ayaw niyang umupo sa puwesto niya dahil nasa harap niya nakaupo si Marvin. Sa hindi niya mawaring dahilan, ayaw niya itong makausap. Nahihiya siya na naiinis dito.

"Jules..."

Umupo ito sa tabi niya. Hindi siya nito pinilit magsalita nang mapansing wala siyang gana makipag-usap dito. Sanay ang lalaki na ito ang unang bumabati at lumalapit para makipagkuwentuhan.

*Sorry about last night.*

Ito ang laman ng scratch paper na iniabot nito sa kanya sa gitna ng Physics class nila. Tumango lang siya ngunit hindi pa rin tumitingin dito. Kinuha nito ang papel sa kamay niya at iniabot uli matapos magsulat dito.

*Galit ka sa akin?*

"Huwag kang mag-sorry, hindi ako galit," bulong niya habang nakatungo pa rin sa librong nakabukas. "Walang dahilan para magalit ako."

Kinuha uli nito ang papel sa kamay niya para sulatan.

*You deserve so much better than that kind of life.*

Nangilid ang luha ni Julia sa nabasa. Bakit ba kapag may sinabi ito sa kanya na ganyan ay para siyang gripong binubuksan at panay ang agos ng luha? Naiinis siya! Alam niyang may karapatan siyang maging maligaya at normal ang buhay, pero paano niya gagawin iyon kung ang mismong kadugo niya ay walang pakialam sa kanya? At

naiinis siya sa sarili dahil dapat sanay na siya, ngunit lagi pa ring nagpapaapekto sa lahat.

Inabot ni Marvin ang isang puting panyo. Umiling siya, hindi iyon tinanggap. May dala siyang tissue. Hindi niya kailangan ng kahit na sino para maging mabuti ang buhay niya. Kakayanin niyang mag-isa ang lahat. Kakayanin niyang makatapos at iaahon ang sarili niya makatuntong lang siya ng kolehiyo.

"Jules..."

Nagmadali siyang tumayo para pumunta sa banyo ng mga babae. Recess na at alam niyang hindi papayag si Marvin na di sila magkausap. Nang makapasok siya sa comfort room ay pumasok siya sa isang cubicle at ini-lock iyon.

"Julia? Nasaan ka?" Si Dessie ang tumatawag sa kanya. Sinundan siya nito marahil para ayain kumain sa canteen.

"Ikaw na lang ang mag-recess, Dessie," tugon niya rito. "Masama ang tiyan ko, eh," palusot niya.

"Okay, sige, see you later!"

Tahimik ang banyo dahil lahat halos ng estudyante sa floor nila ay nasa canteen upang mag-recess. Lumabas na ng cubicle si Julia dala ang shoulder bag niya nang magulat siya sa nakitang pigura na nakatayo sa sink area niyon.

Si Marvin, nakakunot ang noo sa kanya.

"S'abi mo hindi ka galit pero hindi ka namamansin?"

Umiling lang siya rito at naghugas ng kamay, naghilamos. "Hindi ako galit, Vin. Masakit lang ang ulo ko saka inaantok pa ako."

"Ikaw ba ang nagluto ng lahat ng kinain namin kagabi?"

Tumango siya. "May-sakit si Manang Sol kaya ako na lang ang pinagluto. Pasensya na kung hindi masarap."

Natawa ito nang mahina sa sinabi niya. "Are you kidding me? Masarap lahat, Jules! My mom nga was saying n'ung nasa kotse na kami pauwi that you cook so well, gusto niyang tanungin what you did with the afritada."

Matipid na ngiti ang ibinigay niya sa kausap. Nahihiya siyang pag-usapan ang nangyari kagabi.

Mataman itong nakatanghod sa kanya, pinapanood siya habang nagsusuklay ng buhok. "Kain tayo," yakag nito pagkuwan. "Treat kita."

Tumanggi siya. "Kailangan ko pang mag-review. Ikaw na lang, dito na muna ako."

"Look, Jules, I know nahihiya ka about last night. I want you to know that it was nothing to me. I'll explain more while we're eating. Sayang

oras natin dito sa banyo saka baka may pumasok na ritong ibang babae ay makita pa ako."

"Hindi ako nagugutom, Vin. Ikaw na lang ang kumain."

Tumalikod na siya rito at saka umupo sa gilid ng sink. Nagsimula na siyang magbasa ng English book niya kung saan may exam sila mamayang hapon. Hindi na niya pinansin si Marvin kahit pa inulit nito ang pagyaya sa kanya na sumabay mag-recess. Wala siyang balak.

Lumabas na ito ng banyo at iniwan siya.

# Chapter Three

Naiinis siya na hindi. Ang totoo ay hindi mawari ni Marvin kung ano talaga ang nararamdaman niya dahil concerned siya sa babaeng nagdudulot sa kanya ng samu't saring emosyon simula nang maging magkaibigan silang dalawa.

Kilala na niya si Julia Ynes simula pa noong kindergarten sila. Naging kaklase niya ito sa ilang baitang noong elementarya sila hanggang sa maging permanente na noong tumuntong sila ng high school. Pinakamatalino ito sa batch nila. Kahit pa halos araw-araw itong nahuhuli sa klase sa umaga ay ito pa rin ang top sa buong batch.

Kilala ng ama niya ang ama nito dahil na

rin sa pareho silang negosyante. Narinig na niyang pinag-usapan ng mga magulang niya ang magandang takbo ng garments business ng ama nito at kung paano nakabangon muli matapos mamatay ang kabiyak ni George. Hindi niya gaanong pinagtutuunan ng pansin ang usapan ng mga ito dahil ang akala niya ay maayos naman ang buhay ni Julia.

Ganoon na lang ang gulat niya nang makita ang luma at halos sira na mga gamit nito nang unang beses silang magkasabay na mahuli sa klase at mapagsaraduhan ng pinto ng class adviser nila. Laking gulat din niya sa ikinuwento ng babae tungkol sa buhay nito sa sariling bahay, kung paano ito maltratuhin ng madrasta at ng anak nito. Hindi lang awa ang naramdaman ni Marvin para sa kaklase. Nakaramdam din siya ng matinding paghanga rito na kahit na mahirap pala ang dinaranas nito sa bahay ay hindi niya ito kinakitaan ng kahit na anong panghihina o pagkaapi o kahit pa ng panghingi ng awa sa iba. Matapang si Julia, mapagpasensya, at kahit pa halata sa kuwento nitong nagbago ang pagtingin dito ng sariling ama ay mahal na mahal pa rin nito ang huli.

Bumili siya ng dalawang chicken sandwich at

dalawa ring juice. Alam niyang nahihiya lamang si Julia sa nangyari kagabi. Hindi na siya nagulat na hindi ito ipinakilala sa kanila ng ama nito at madrasta. Nakaramdam siya ng matinding galit kay George nang halos ipagkaila nito sa kanila na anak nito si Julia.

Naalala pa niya ang reaksyon ng mga magulang niya nang nasa sasakyan na sila pauwi.

*"Close kayo n'ung anak sa unang asawa ni George, Marvin?"*

*"She's my best friend, Pa. Totoo 'yung sinabi ko kanina na she's top of the class."*

*"I wonder bakit ganoon na lang ang trato ni George sa anak niya. Maiintindihan ko pa iyong sa madrasta, pero iyong sa tunay na ama..."*

*"Siya ba iyong estudyanteng ipinakiusap mo sa akin sa amiga ko about tardiness, hijo?"*

*"Yes, Ma." Nagpaliwanag si Marvin nang makitang nakakunot ang noo ng kanyang ama, nagtatanong ang mga mata. "She has to take care of everyone else at home, cook breakfast, assist the older sister, younger sister, and stepmom, before she can go to class. Can you imagine how long it will take for her to do all that in the morning? Ang nangyayari tuloy, late siya halos araw-araw sa first class namin. Hindi lang siya nale-late tuwing tinatamad pumasok ang ate niya."*

*"My goodness! Ginawa na siyang kasambahay?" bulalas ng mama niyang si Millet.*

*Nagkuwento pa siya ng ilang naikuwento rin sa kanya ng kaklase. Kita niyang shock na shock ang kanyang mga magulang sa narinig.*

*"And she still tops the whole class with everything happening in her life?"*

*Matamis na ngiti ang sumilay sa mga labi ni Marvin. Puno ng paghanga ang tinig ng kanyang ama. Kita rin sa mga mata ng ina niya ang paghanga kay Julia.*

*"She's an amazing person!"*

*"Isama mo siya sa bahay, anak," anang papa niya. "Gusto kong makilala pa namin siya nang lubusan ng mama mo."*

*"Anak, isama mo siya sa bahay after class. Wala namang problema sa amin ng papa mo 'yung ganoon. Pakainin mo siya sa bahay. Let her take a nap tutal may extra room tayo. Doon mo siya patulugin. Kung ganoon ang ginagawa sa kanya sa bahay, I doubt kung nakakapagpahinga siya nang maayos."*

Natuwa si Marvin sa narinig mula sa mga magulang niya. Magaan ang loob ng mama niya sa kanyang kaibigan, sigurado siya. Hindi ito basta-basta nagpapapunta sa bahay nila ng kung sino lang kung hindi talaga nito gusto ang isang tao. Marahil ay may awa rin sa puso nito kaya

ganoon na lang ang pag-aalala para kay Julia.

"Marvin! Dito ka na umupo."

"Marvin, pare!"

Ilang kaklase ang tumawag sa kanya matapos siyang magbayad sa binili, ngunit umiling lang siya sa mga ito. Wala siyang balak magtagal sa canteen. Babalik na siya sa classroom nila para ibigay ang sandwich at juice kay Julia.

Dinatnan niya itong nakaupo sa likuran ng silid-aralan at nakatingin sa labas ng bintana.

Umupo siya sa tabi ng babae matapos ilapag sa desk nito ang pagkain. Nagpasalamat ito sa kanya saka binuksan ang sandwich at juice. Tahimik silang kumain nang ilang minuto at nang matapos ay saka siya humarap dito.

"Galit ka pa?"

"Hindi nga ako sabi galit, Vin. Nahihiya ako sa nakita ninyo ng parents mo kagabi sa bahay."

Napailing siya sa narinig sa kaibigan. "Ikaw pa ang nahihiya? Hindi ba dapat ang papa at stepmom mo ang mahiya sa pagtrato nila sa iyo?"

"Nasanay na ako, Vin. Ayokong masyadong isipin kasi masakit kahit na naiintindihan ko naman ang papa ko."

Hinawakan niya ang kamay nito, marahang pinisil. "I'm sorry that you had to put up with

their crap, Jules. Hindi bale, ilang months na lang naman at graduate na tayo ng high school. Then, college na. It will be easier for you, then."

Tumango si Julia at ngumiti na. Pinisil niya uli nang marahan ang kamay ng kaklase bago binitiwan, marahang hinaplos ang mukha nito at inayos na ang silya. Dumating na ang teacher nila.

"S'abi nga pala ng mama ko, turuan mo raw siyang magluto ng afritada mo. Can't get over it."

Natawa ito sa tinuran niya.

Pauwi na sila ni Dessie nang may biglang humintong kotse sa tabi ng daan. Nagulat silang dalawa nang bumaba roon si Marvin.

"Hi, girls! Sabay na kayo sa akin."

Siniko siya ni Dessie, nanunukso ang ngiti at tingin sa kanya.

"Salamat, Marvin, pero ilang hakbang na lang at bahay ko na kasi. Si Julia na lang ang sasabay sa 'yo."

Muli siyang pasimpleng siniko ng kaibigan bago nagpaalam sa kanila. Naiwan siyang nakatayo sa harap ni Marvin na nakataas ang mga kilay habang nakatanghod sa kanya.

"Jules, merienda muna tayo sa bahay bago ka

umuwi. Maaga pa naman."

Hindi siya nagdalawang-isip na pumayag sa imbitasyon nito. Bukod sa nagugutom na siya at sigurado siyang mapapagsabihan siya ng madrasta niya kapag kumain agad siya pag-uwi niya, nangingibabaw rin ang kagustuhan na makasama ang lalaki nang mas mahaba pang oras.

"Mang Badong, sa bahay na po tayo," anito sa driver na nakangiti sa kanya. "Kaibigan ko nga pala po, si Julia."

"Ah, ikaw pala si Julia." Tumingin ito kay Marvin. "Siya pala iyon, Marvin."

Poker face lamang ang kasama, ngunit napansin niyang pinamulahan ito ng mukha at sinenyasan ang driver nito. "Tara na ho, Mang Badong."

Natawa ang matanda at hindi na nagkomento pa. Tahimik lamang sila sa kotse. Hindi naman awkward, bagkus ito ang tinatawag nilang comfortable silence. Nawala na talaga ang awkwardness sa pagitan nila ni Marvin lalo pa at nakita na siya nito sa bahay nila, kung paano siya itrato ng sariling pamilya.

"We're here," anito habang inaalalayan siyang bumaba ng kotse. "Wala pa ang parents ko. Nasa

office pa ang Papa. Nandoon din ang Mama ngayon, kahalili ng assistant ni Papa na nag-leave nang ilang araw dahil hindi matiis ang newborn grandson niya."

"Alam ng mama mo kung ano ang gagawin niya?"

Hindi niya narinig kung ano ang isinagot ng lalaki sa tanong niya. Pagpasok nila ng bahay ay napanganga si Julia. Sa unang tingin sa labas ay aakalain na pangkaraniwang bahay iyon ng isang middle class family. Ngunit pagpasok sa loob ay mapapansin agad ang malaki at magandang chandelier sa sala ng bahay. Pansin din ang mga mamahaling Victorian furniture, ang makapal at eleganteng mga kurtinang tumatabing sa French doors na hula niya ay papunta sa patio, at ang koleksyon ng *Lladro* angel figurines na nasa isang gilid ng sala.

"Koleksyon ng mama ko 'yan, regalo ng Papa sa kanya every wedding anniversary nila. You like it?"

Tumango siya. "Meron akong isang ganyan dati. Regalo sa akin ng parents ko n'ung ipanganak ako. My very own *Lladro My Guardian Angel* in pink."

"Nasaan na?"

"Nasa Ate Sandra na," mapait niyang tugon.

"What? Let me guess, she took it?"

Umiling siya. Hindi nito kinuha ang angel figurine niya. Kinuha iyon ni Tita Rita nang malaman nitong mamahalin ang figurine na iyon. May koleksyon kasi ng ballerina figurines ang Ate Sandra niya kaya naisip ng madrasta na ikatuwiran na mas bagay ang angel figurine sa kuwarto nito kaysa sa kanya.

"Tara na sa dining room nang makapagmerienda. Ikain na lang natin itong inis natin." Nagtawanan silang dalawa. "Itu-tour kita sa bahay mamaya."

Mabait ang kasambahay ng mga Zabala na si Manang Pat. Naghanda ito ng spaghetti at garlic bread. Naglabas din ito ng mga cupcakes. Panay ang kuwento nito habang kumakain sila. Simula pa raw batang paslit si Marvin ay ito na ang kasama nila sa bahay.

"Sobrang sutil niyang si Marvin noong maliit pa siya! Madalas akong gulatin at kilitiin kapag naglalaba ako. Itinatago rin ang tsinelas ko. Naku, makulit na bata 'yan!"

Tawa nang tawa si Julia sa kuwento ng matanda. Wala sa mukha ni Marvin na sutil ito at makulit na bata. Ang akala niya ay sobrang

seryoso ito simula pa noon.

"Si Manang Pat talaga, unang beses pa lang pumunta si Julia rito'y siniraan na agad ako."

Natawa ang kawaksi. "Aruu, eh, totoo naman ang sinabi ko!"

Nagkuwento pa ito ng mga kalokohan ni Marvin noong batang paslit pa ang lalaki. Pati ang huli ay nakikitawa sa mga kuwento ng matanda. Hindi na raw nito maalala pa ang ibang mga ikinukuwento ni Manang Pat.

"Kung hindi ka nagkasakit nang matagal, tingin ko ganoon ka pa rin kakulit at kasutil."

Natigilan si Julia sa narinig. "Matagal kang nagkasakit?"

"Wala iyon," iwas-tugon nito. "Surgery sa puso."

Tila balewala lang dito ang sinabi kung pagbabasehan ang tono ng pananalita nito. Ngunit nakatitig siya rito at kita niya ang pagguhit ng pait na dulot ng alaala rito.

"Kailan nangyari?"

Kumunot ang noo nito, tumayo at kumuha ng tubig. Hindi na niya hinintay ang sagot sa pag-aakalang hindi na ito tutugon pa sa tanong niya. Marahil ay hindi nito gustong ibahagi sa kanya ang panahon ng pagkakasakit nito. Naintindihan

naman niya iyon.

"Gusto mo pa ng cupcakes? O juice pa? We have sweets here, baka gusto mo," alok nito sa kanya habang nakatayo sa tabi ng bukas na refrigerator. Tumanggi na siya. Busog na busog na siya sa dami ng nakain niyang spaghetti at garlic bread.

Niyaya na siya nitong libutin ang bahay. Tama nga siya, ang French doors ay papunta sa patio at isang maliit ngunit magandang garden. May mga orchids dito at ang sinabi ni Marvin ay koleksyon din iyon ng mama nito na mahilig sa ganoong uri ng bulaklak. Dinala siya nito sa second floor ng bahay kung saan may malaki ring sala. Naroon ang isang napakalaking flat screen TV na napapaligiran ng bookshelves na punong-puno ng iba't ibang libro. Lumapit siya agad doon.

"Wow! Ang daming books!"

Naramdaman niyang sumunod sa kanya si Marvin, nasa likuran niya ito nang magsalita. "I forgot bookworm ka nga pala. You've just discovered our passion... reading. Father, mother and kid all read."

"Talaga? Hindi ko alam na mahilig ka ring magbasa."

Tinuro nito sa kanya ang isang buong floor to ceiling na shelf sa kaliwang bahagi ng TV rack-slash-bookshelf. Puno iyon ng comic books at mga libro ng mga sikat na manunulat na sina Stephen King, Sidney Sheldon, James Patterson, Jeffrey Archer, Neil Gaiman at Harlan Coben.

"When I got sick, wala akong puwedeng gawing iba kundi ang magbasa. Hindi ako pinapayagang manood ng TV dahil masyado raw akong mapapapagod. So, binilhan ako ng parents ko ng ilang comic books. Ayaw kong basahin noong una dahil mas gusto ko sanang maglaro ng video games. Kaso hindi puwede. Noong bored na bored na ako, I picked up my first comic book. *Wolverine*. I got hooked! Ayun ang start ng aking comic book collection."

"Basta naman kasi maumpisahan mong magbasa at maganda ang libro, o comic book sa kaso mo, mahu-hook ka talaga. Nagsimula ako sa fairy tales na naging *Sweet Dreams* na naging historical romance novels na naging Anne Rice novels hanggang sa ma-discover ko rin si Stephen King at iba't ibang authors. Binabasa ko lahat ng mga authors na mayroon ka. Comic books, not so much."

"Mabuti binibigyan ka ng pambili ng papa

mo."

Ang totoo ay kalahati ng nakukuha ni Julia tuwing Pasko ay napupunta sa second-hand novels niya. Tuwing twenty-sixth ng Disyembre ay umuuwi sa Bacolod ang madrasta niya kasama ang papa niya at mga kapatid. Naroon ang nanay nito at nag-iisang kapatid na babae na may pamilya na rin. Doon pumupunta ang mga ito at umuuwi na lamang matapos ang bagong taon. Iniiwan siya sa bahay nang mag-isa. Ang Manang Sol niya, sa awa sa kanya, ay matapos ng bagong taon na umuuwi sa probinsya para lamang may kasama siya sa bahay. Tuwing matapos ang Pasko at nakaalis na ang papa niya at bagong pamilya nito, saka siya pumupunta sa mall para bumili ng mga nobela niya.

"Marami na akong nabibili sa limang daang piso, Marvin! Magaling akong maghanap kasi sa book sale. Ang pera ko katumbas ay walo hanggang sampung libro na."

Nanlaki ang mga mata ng lalaki. "Isang libong piso lang ang pamasko sa 'yo ng Papa mo?"

Tumango siya. "Malaki na iyon," sabi niya rito.

"Jules, tell me, minsan isang taon ka lang niya binibigyan nang sobra, di ba?" Tumango siya.

"Sigurado akong magkano lang naman ang baon mo sa araw-araw." Namula siya sa hiya. Tama ito. Pamasahe at pangkain sa tanghalian lang ang baon niya. "Sorry, I didn't mean to embarrass you," anito nang mapansin ang pagkapahiya niya.

"Wala 'yun, Marvin. Totoo namang magkano lang ang baon ko sa araw-araw, eh. Pero ayos lang ako kasi nagbabaon ako ng crackers."

Tumabi ito sa kanya sa sofa at pabirong binunggo ang balikat niya. "Crackers? Kaya ang payatot mo!" Lumabi siya rito. Napangiti ito sa kanya. "Anyway, what I was trying to say is that, minsan ka na nga lang niya ambunan ng yaman na dapat ay para sa iyo talaga, ganoon pa kaliit ang ibinibigay."

Nagkibit-balikat lamang siya. Wala naman siyang magagawa kung iyon lang ang gustong ibigay sa kanya ng ama tuwing Pasko. Napatingin siya sa presyo ng comic book na hawak niya. Napabuga siya ng hangin. Mas mahal pa sa isang linggong allowance niya!

"Keep in mind that I'm an only child, Jules, so my parents can afford to shell out a bit more for wants," natatawang-nahihiyang tugon ni Marvin sa panlalaki ng mga mata niya sa presyo

ng comic book.

Nang mahimasmasan na siya sa pagkagulat ay naalala uli niya ang nabanggit na pagkakasakit ng katabi. “Marvin, bakit ka matagal na nagkasakit?”

Natawa ito nang malakas na ikinagulat niya. “Akala ko di ka na curious tungkol doon.”

“Uy, ano ka ba, ayos lang sa akin kung hindi mo gustong magkuwento. Hindi ka naman kasi mukhang sakitin kaya na-curious ako,” nahihiya niyang sabi.

“I drink a lot of vitamins and mineral supplements kaya hindi ako mukhang sakitin. Saka matagal na iyon kaya naka-recover na ako talaga. I was ten when I got diagnosed with a weak heart. N’ung ma-check maigi, na-discover ng mga doktor ko na kaya mabilis akong lagnatin, mawalan ng malay, at kung anu-ano pa ay dahil may maliit na butas ang puso ko.”

Ikinuwento ni Marvin kung paano ang simpleng checkup sa pediatrician nito ay nauwi sa series of tests na umabot sa loob ng dalawang linggo. Nang lumabas ang resulta ng samu’t saring tests na ginawa rito, hindi na sila pinauwi pa ng mga doktor niya. Nagtagal ito sa ospital ng dalawang buwan at kalahati. Inoperahan para masarado ang butas sa puso niya.

“Hindi ako pinayagang pumasok sa school for almost a year. Home-schooled ako for a year and when I was allowed to go back, hindi na ako puwedeng mag-PE. I was also told not to laugh too much, cry hard, or generally feel too much on anything and anybody.”

Ngayon alam na niya kung bakit laging poker face lang ito. “Magaling ka na talaga, Marvin?”

Hinaplos nito ang mukha niya, marahang pinisil ang pisngi niya. “Oo, magaling na ako talaga, Jules. Tara, ipapakita ko sa ’yo ang kuwarto ko.”